
LEVEL 2

# Leveled Reader
## in Filipino

# Si Ate Bungi



Isinulat ni Maria Lubis
Iginuhit ni Aprilia Muktirina



Tumataas ang tubig!
Tumataas ang tubig!




Isinama siya ni ate
sa *evacuation center*.
Maraming nasaktan nang
magtakbuhan ang mga tao.
Kaya abalang-abala siya sa
pag-aasikaso ng mga taong
sugatan.



“Dito ka lang at titignan ko muna ang ibang pasyente sa kabilang silid,” sabi ni ate.

“Ate, ayaw ko pong maiwang mag-isa. Gusto ko pong sumama sa iyo,” pakiusap ni Nina.




Nais ni Nina na makita
ang kaniyang ina at ama.
Kinausap siya ni ate,
“darating mamaya ang iyong
ina at ama para sunduin ka.
Hintayin mo sila, ha.”



“Kumain ka muna ng biskuwit,” ang sabi ng ate. “Hindi po ako gutom,” ang sagot ni Nina.



Niyayaya ni Nina si ate na
maglaro.
“Kailangan ko munang
tumulong sa ibang tao,
mamaya na tayo maglaro,”
ang sabi ng ate.




Naiinip na si Nina sa paghihintay at pagmamasid ng paligid. Kung kaya't naisipan niyang tulungan si ate.




“Mmmm...ang bango!” Nagutom si Nina nang maamoy niya ang nilulutong pansit.



Tuwang-tuwa si Nina
habang kumakain ng pansit.




Maliwanag ang buwan
kaya naman nakipaglaro
si Nina sa labas habang
naghihintay.



Sumama rin siya sa kuwentuhan.



Tungkol kay Piko ang kuwento. Isa siyang *giraffe*.



“Tingnan niyo! Narito si Piko at ang kabayo. Mayroon ding iba pang hayop!” sabi ng isang bata.




"Ito naman ang malaking agila!" sabi ng isang bata.



Malalim na ang gabi kaya sinabihan ni ate si Nina na matulog na.



Pagkagising niya, nasorpresa siya. Dumating na ang kaniyang ina at ama. “Nina, narito na kami. Huwag ka nang mag-alala, magiging maayos din ang lahat,” ang sabi ng kaniyang ina at ama.



Uuwi na si Nina sa kanilang bahay.
“Paalam, ate Bungi!” ang sabi ni Nina.
“Ooops, ano bang pangalan ni ate?” tanong ng ina ni Nina.



“Hahaha!”, malakas na tawa
ni Ate.
“Ako si Sister Mala.”
Mahigpit na niyakap ni Nina
si Sister Mala. Nagpasalamat
din ang mga magulang ni
Nina kay Sister Mala.

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI INTERNATIONAL
The Asia Foundation